Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
**MUNICIPALITY OF BULALACAO**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-2 NG AGOSTO, 2021 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IPM Representative |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

## KAPASYAHAN BLG. 21-08-232

**KAPASYAHANG PAGSUNOD NG LOKAL NA PAMAHALAAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO SA ATAS PANGKAGAWARAN BILANG 2021-356 NG KAGAWARAN NG INTERYOR AT PAMAHALAANG LOKAL AT KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP BILANG 335 UKOL SA PAGGAMIT NG WIKANG FILIPINO SA LAHAT NG OPISYAL NA KOMUNIKASYON AT KORESPONDENSIYA SA BUWAN NG AGOSTO 2021**

**"SAPAGKAT,** ang wikang Filipino ay ang pambansang wika, alinusunod sa Saligang Batas ng 1987 ito at ang wikang Ingles ay ang opisyal na wika ng Pilipinas, ang wikang Filipino ay isang wikang Awstronesyo at ang de facto na pamantayang bersyon ng wikang Tagalog, ayon sa Komisyon ng sa Wikang Filipino ang wikang Filipino ay ang katutubong wika, pasalita at pasulat, sa Kalakhang Maynila, Pambansang Punong Rehiyon, at sa iba pang sentrong urban sa archipelago na ginagamit bilang wika ng komunikasyon ng mga etnikong grupo;

**"SAPAGKAT,** ang Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal ay nagpanukala ng isang Memorandum noong Hulyo 14, 2021 na nag-uutos na gamitin ang wikang Filipino sa lahat ng opisyal na komunikasyon at korespondensiya sa buong buwan ng Agosto 2021;

**"SAPAGKAT,** ayon sa Memorandum, ito ay bahagi ng pagsunod sa Atas Pangkagawaran Bilang 2021-356 at Kautusang Tagapagpaganap Bilang 335, na nag-aatas sa lahat ng mga kagawaran/kawanihan/opisina/ahensya/instrumentaliti ng pamahalaan na magsagawa ng mga hakbang na kailangan para sa layuning magamit ang Filipino sa opisyal na mga transaksyon, komunikasyon at korespondensya;

**"SAPAGKAT,** ang Sangguniang ito kasama ang buong Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao ay sumusuporta sa kautusang ito, at naniniwala na marapat lamang na bigyang-pugay, respetuhin, gamitin at sambitin ang wikang Filipino sa lahat ng transaksyon sa opisina ngayong buwan ng Pambansang Wika; Kung kaya't dahil dito...

2021.05.25 15:31

Scanned with CamScanner

**PINAGPASYAHAN PA GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA NA;** Sundin ng Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao, Oriental Mindoro ang Atas Pangkagawaran Bilang 2021-356 ng Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal at Kautusang Tagapagpaganap Bilang 335 ukol sa paggamit ng wikang Filipino sa lahat ng opisyal na komunikasyon at korespondensiya sa buwan ng Agosto 2021;

**SA MUNGKAHI** nina SB Member Edwin C. Aceron at SB Member Edezer F. Aceron na pinangalawahan ni SB Member Elpidio N. Contreras, Jr. ang kapasyahang ito ay...

**PINAGTIBAY": Agosto 2, 2021 Bulalacao, Oriental Mindoro.**

---

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
SB Member

**KGG. DENNES M. FANER**
SB Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
SB Member

**KGG. KIEVEN E. CANTOS**
SB Member

**KGG. JESS V. SAPUNGAN**
SB Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
SB Member

**KGG. EDWIN C. ACERON**
SB Member

**HON. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG. TULAY M. CARING**
IPM Representative

**KGG. KIM JONH ELCO E. CANTOS**
SK Federation President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**BERNADETTE M. SAPUNGAN**
Pansamantalang Kalihim

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: August 23, 2021

060821/BMS/admm

Scanned with CamScanner